**Baccalaureate Mass, 27 May 2021**

**Sirach 42:15-25; Ps 33; Mk 10:46-52**

The Thursday after Pentecost has been dedicated to the Memorial of Jesus Christ the Eternal High Priest.

The content of this liturgical celebration is the Priesthood of Jesus. To be a priest is to be a mediator, an intermediary. *Sa Tagalog, TAGAPAMAGITAN. Ang pari ay nasa pagitan ng Diyos at ng tao.* And because of our baptism, all Christians are priests. *Tayong lahat ay pari, tayong lahat ay tagapamagitan.*

*Sa Kapistahan ng Kaparian ni Kristo, ating din ipinagdiriwang ang Kaparian ng lahat ng Kristiyano Sa tuwing tayo ay namamagitan, mula sa tao patungo sa Diyos o mula sa Diyos patungo sa tao, nagpapaka-paring totoo tayo. At ginagampanan natin yan sa pagdarasal at pag-aalay hindi para sa sarili kundi para sa iba. Sa tuwing may lumalapit sa atin para humingi ng dasal,* in all our prayerful intentions and intercessions, in those "prayers of the faithful," *ang mga PANALANGIN NG BAYAN*, we fulfill our role as priests. *Ang pari, nagdarasal; ang nagdarasal, pari.*

*Sa panahon ng pandemya, nasubok nang husto ang pagiging pari nating lahat. Napadasal tayo nang mataimtim. Nakaka-antig ang larawan ng mga taong nagdarasal kahit nasa labas ng simbahang nakapinid. Sa ating mga tahanan, kay higpit ng ating kapit sa pananalangin, para maligtas sa sakit, para gumaling sa sakit, para na rin sa mga namatay sa sakit, para maungusan itong pahirap at pagsubok.*

*At tiyak ko, para sa mga magsisipagtapos ngayon, kay laking tanong at tukso, "Paano ako makaka-graduate?" Sa labas ng kapilyang ito, ang napakalaking Kristong nakapako sa krus ay dahan-dahan nang nauupod ang mga paa, mapusyaw at kumukupas na ang kulay, dahil sa kakahawak, kakapahid ng mga mag-aaral, lalo na tuwing panahon ng pagsusulit. Nang*

*dahil sa pandemya, nakapagpahinga ang mga paa ni Kristo. Kung ngayon, hindi man puedeng lapitan, hawakan, pahiran ang imahen ni Kristo sa Krus, patuloy pa rin ang dagundong ng mga dasal. Sapagkat ang Letranista, tahasan at totohanan ang dasal. At ginagawa na natin ito nang higit sa 400 taon.*

Today's Gospel episode offers rich lessons on prayer and priesthood. *Ang paulit na sigaw ng bulag na si Bartimaeus ay mistulang panalangin, "Hesus, maawa ka sa akin!… Anak ni David, maawa ka sa akin!" Kay payak na hiling, kay direktang panalangin. Maging ang buong kasaysayan ng kaligtasan, hango sa mga kuwento ng Bibliya, nakapaloob ang marubdob at taimtim na "MAAWA KA, MAAWA KA, MAAWA KA."*

*Mga Letranista, huwag titigil sa dasal, huwag mag-aatubiling humingi ng tulong sa Diyos, palaging magpakumbaba sa paghingi ng awa.*

And Jesus' response is straight and simple, "Go on your way. Your faith has saved you." *"Humayo. Niligtas ka ng dahil sa iyong pananampalataya."* It brings to the fore the inseparability of prayer and faith. *Ang pagdarasal ay nangangailangan ng pananalig.* And the miracle points not only to the restoration of sight but more so to the affirmation of faith as the more authentic form of seeing, the truly saving grace. It spins around the adage, TO SEE IS TO BELIEVE, and makes it turn on its head, TO BELIEVE IS TO SEE. And TO BELIEVE IS TO BE SAVED.

*Dito sa Letran, sa maraming taon ng pag-aaral, marami tayong nakita, nalaman, naliwanagan; lumawak ang dunong, lumalim ang unawa, at ngayon nga gra-graduate na.* We see. We learn. We know more. We understand better.

Further, we **believe.** Our years of studies in Letran are always already events of faith. Through our institutional courses in Christian Living, Religious Education, Theology, complemented by retreats and recollections, by the celebration of the sacraments and other spiritual activities, by the moral imperative of helping the needy, from the original

*huerfanos* 400 years ago, to our present partner communities including those served by our miraculous *Mesa ni San Martin*, we proclaim our faith, we preach Christ, we experience the overflowing of grace including the constancy of sharing and the multiplication of donations. It is our indefatigable institutional commitment to see Christ in our fellow brothers and sisters, especially the poor, and to make Christ been seen in our good works.

*Sa pagtuturo at pagkatuto natin, bumubukas ang ating mata sa karunungan at nakikita ang katotohanan. Sa pananampalataya, bumubukas ang ating puso sa awa at nakikita sa atin ang pagmamahal ng Diyos.*

And so, my fellow Letranites, my dear graduating students, let us celebrate our common priesthood, by constant prayer, by seeing with the eyes of faith, by manifesting Jesus Christ ever present in our acts of goodness, our acts of love.

27 May 2021